



# UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES

Lower Ground Floor, PHIVOLCS Bldg.  
C.P. Garcia Ave., Diliman, Quezon City 1101  
Tel.: 927-2567, 981-8500 loc. 4046; Tel. Fax: 927-2568  
E-mail: [ovcrd@up.edu.ph](mailto:ovcrd@up.edu.ph); Website: <http://www.ovcrd.upd.edu.ph>

## OFFICE OF THE VICE-CHANCELLOR FOR RESEARCH AND DEVELOPMENT

### MEMORANDUM BLG. FRN 19-048

**PARA SA :** MGA DEKANO, DIREKTOR, PUNO NG MGA YUNIT,  
GURO, RESEARCH, EXTENSION and PROFESSIONAL STAFF (REPS)

**MULA KAY :**   
FIDEL R. NEMENZO, D.Sc.  
Bise-Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad

**PAKSA :** Panawagan para sa Nominasyon sa 2020 Gawad Tsanselor sa  
Natatanging Mananaliksik sa Filipino

**PETSA :** 11 Oktubre 2019

Malugod po naming ibinabalita na bukas na para sa nominasyon ang 2020 Gawad Tsanselor sa Natatanging Mananaliksik sa Filipino.

Lakip ang Pangkalahatang Pamantayan at Pormularyo ng Nominasyon. Mangyaring ipabatid ang mga sumusunod:

- I. Minimum Criteria:
  - Kinakailangang *full-time* at regular na fakulti o REPS na nagbibigay ng direktang serbisyo sa UP Diliman (halimbawa, hindi naka-Sabbatical o Study Leave)
  - Kinakailangang naglilingkod sa UP Diliman nang hindi iigsi sa tatlong (3) taon (2017-2019)
  - Kinakailangang hindi kailanman nahusgahang maysala ang nominado sa anumang opensang administratibo o kriminal na nauugnay sa moral na pagkakamali o sakaling may idinaraos na kasong administratibo o kriminal laban sa nominado, kinakailangang hindi siya nahusgahang maysala sa panahong siya ay nominado
- II. Lahat ng nominasyon ay kailangang isumite sa Opisina ng Bise-Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad sa o bago ang **ika-5:00 n.h., 6 Disyembre 2019.**

Para sa nominasyon, magsumite ng isang (1) kopya ng Pormularyo ng Nominasyon na may mga orihinal na lagda, at kompletong *soft copy* kasama ang mga kalakip na dokumento. Ang mga isinumiteng nominasyon na hindi kompleto ang mga kalakip na dokumento ay hindi tatanggapin bilang nominado.

Ang Pangkalahatang Pamantayan at Pormularyo ng Nominasyon ay maaaring i-download sa aming website: [www.ovcrd.upd.edu.ph](http://www.ovcrd.upd.edu.ph). Para sa iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnay kay Bb. Dulce Amor B. Verdolaga sa telepono bilang 8927-2567/ 8981-8500 local 4046 o sa email: [ovcrd@up.edu.ph](mailto:ovcrd@up.edu.ph).

Maraming salamat.

Binigyang sipi: OC  
OVCA  
OVCAA  
OVCCA  
OVCSA